

Minamahal na domestic worker…
Ang domestic worker ay obligado sa sumusunod:


1- Pagsagawa sa trabaho na pinagkasunduan sa kontrata, at na ilagay rito ang karaniwang pangangalaga sa mabuting layunin at dangal sa paggawa nito.
2- Isagawa ang mga tagubilin at kautusan ng employer, ayon sa binalangkas sa kontrata.
3- Pangangalaga sa pera, ari-arian at mga lihim ng employer at ng mga kasapi ng kanyang pamilya.
4- Igalang ang mga batas, kostumbre, at tradisyon ng bansa.
5- Umiwas sa pagsasagawa ng trabaho para sa iba, may bayad o wala.


Minamahal na domestic worker
Obligado kang protektahan ang pera at propyedad ng employer at hindi isiwalat ang kanyang mga sekreto, ayon sa Artikulo 15 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015.
الهيئة العامة للقوى العاملة
Public Authority of Manpower
MANPOWERKWT

## Minamahal na domestic worker

Kailangang susunod ka sa pagsasagawa ng pinagkasunduang trabaho, at sundin ang mga tagubilin ng employer at ng mga miyembro ng kanyang pamilya at tuparin ang mga ito sa abot ng makakaya, basta't ang pagtupad sa mga tagubilin na ito ay hindi naglalagay sa kaligtasan ng domestic worker sa panganib o kaya ay makakasira sa kanyang dignidad, ayon sa Artikulo 13 ng Batas sa Domestic na Trabaho Blg. 68 ng 2015, at Parapo 1 ng Clause VI ng Standard na Kontrata sa Pangengempleo – Mga Obligasyon ng Domestic Worker.


Minamahal na domestic worker
Kailangan mong sundin ang mga batas, ang mga kaugalian at tradisyon ng bansa, ayon sa parapo 1 ng Clause VI ng Standard na Kontrata sa Pangengempleo.
الهيئـة العـامـة للقـوى العاملـة
Public Authority of Manpower
MANPOWERKWT


Minamahal na employer at domestic worker
ang mga pagtatalo na lilitaw sa pagitan ng mga partido ay sa loob ng hurisdiksyon ng Department for Regulating the Recruitment of Domestic Workers para isaayos ang mga pagtatalo, ayon sa mga pamamaraan na tinukoy sa mga regulasyon na inisyu kaugnay nito Blg. 68 ng 2015.
الهيئة العامة للقوى العاملة
Public Authority of Manpower
MANPOWERKWT